# KAPASIYAHAN BLG. 2021-20

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 001, H-2020 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY TIBAGAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2020 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T APAT NA LIBO, ANIM NA DAAN SIYAMNAPUNG PISO AT DALAWAMPUNG SENTIMO (PHP34,690.20)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Tibagan, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2020 na nagkakahalaga ng PhP34,690.20;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng Sangguniang Kabataan ng Tibagan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Sangguniang Kabataan ng Tibagan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusan Blg. 001, H-2020 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Tibagan, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (Supplemental Budget) para sa taong 2020 na nagkakahalaga ng Talumpu't Apat na Libo, Anim na Daan Siyamnapung Piso at Dalawampung Sentimo (PhP34,690.20).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-26 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-26 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim